



## **PAGTATAYA SA BISA NG MODYULAR NA PAGDULOG SA PAGTUTURO NG GRAMATIKA SA PANAHON NG PANDEMYA, BATAYAN SA PAGBUO NG MGA INTERBENSYON NA GAWAIN NG MGA MAG-AARAL SA IKASAMPUNG BAITANG**

**DENNIS V. GUTIERREZ**  
0000-0002-6555-1087  
dennisgutierrez0608@gmail.com  
Calubcub 1.0 National High School  
Pulangbato, San Juan, Batangas, Philippines

### **ABSTRACT**

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong matukoy ang bisa ng modyular na pagdulog sa pagtuturo ng gramatika sa panahon ng pandemyang sa Baitang 10 ng Calubcub 1.0 National High School. Ang pag-aaral na ito ay mahalaga upang makabuo ng mga interbensyon na gawain para sa mga mag-aaral. Ang pananaliksik na ito ay nakabatay sa *descriptive method* ng pananaliksik o paraang panlarawan na naisagawa sa pamamagitan ng talatanungan. Ang ginamit na batayan ng talatanungan ay ang 4-point Likert scale rating. Ito ay isang pamamaraan sa pagmamarka kung saan ang deskripsyon na katumbas ng bawat bilang ay magbibigay pagpapahalaga at maayos na interpretasyon ng datos. Ang pag-aaral ay ginamitan ng total enumeration sampling kung saan ang respondente ay pare-parehas na gumagamit ng modyular na pagdulog sa pag-aaral ngayong panahon ng pandemya. Ang bilang ng respondente mula sa mga mag-aaral sa ika-sampung baitang ng Calubcub 1.0 National High School ay isangdaan at tatlumpu (130). Sa kinalabasan ng pag-aaral na ito, nakita na ang pagdulog na ginagamit ng mga guro sa pagtuturo ng gramatika sa Filipino ay may mabuting dulot sa marka ng mga mag-aaral. Ito ay nangangahulugan na ang paraan o stratehiya ng mga guro ay epektibo at nakakatulong upang lubos na maunawaan ng mga mag-aaral ang leksiyon sa gramatika. Napatunayan din sa resulta ng pag-aaral na ang propayl ng mga mag-aaral ay walang kaugnayan sa kanilang pagkaunawa sa pagdulog na ginagamit ng guro sa pagtuturo ng gramatika.